Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 22 ABRIL 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG SAN MARIANO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 041
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY G. EDUARDO ARARAN, JR., PROJECT MANAGER, LIUGP, SA PAGGAMIT NG BULLDOZER PARA SA PAGPAPAGAWA/PAGBUBUKAS NG KALSADANG PANLALAWIGAN MULA BARANGAY SAN MARIANO PATUNGO SA BARANGAY MABUHAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang San Mariano ay isa sa malalaki at maunlad na barangay sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro kung saan ang mga malilit na barangay sa paligid nito ay dito nagdadala ng ilang produkto at gayundin dito namimili ng mga pangunahing pangangailangan;

SAPAGKA'T ang Barangay Mabuhay ay isa sa mga kalapit-barangay na nahihirapan sa pagsasagawa ng mga gawaing ukol sa pangkabuhayan, pangkalusugan, edukasyon at iba pang pangkaunlaran dahil sa walang malapit o direktang daan patungo sa Barangay San Mariano;

SAPAGKA'T upang matulungan ang mga mamamayan ng Mabuhay na mapadali at maisyos ang kanilang pakikipag-ugnayan para sa mga pangangailangang ito sa Barangay San Mariano, minarapat ng mga namumungkulang lokal na iparating sa Sanggunian Bayang ito na pabuksan ang isang kalsadang mag-uugnay sa dalawang barangay upang madaanan ng mga sasakyang pampasahero at kargahan ng produkto, upang hindi maging mahirap ang pagpasok sa paaralang haiskul ng mga kabataan at lalo't higit ay sa mga pangangailangang pangkalusugan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T malalapit na ang tag-ulan kung saan ang pagawaing tulad ng kalsada ay magiging lubhang mahirap at makaabala sa nakagawiang mga gawain sa barangay; at

SAPAGKA'T walang kagamitan at sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Roxas upang gamitin sa pagbubukas na ito ng kalsada kung kaya't ang pangangailangang ito ay itinutukoy sa tanggapan ng LIUCP, Calapan, Silangang Mindoro upang mabigyan ng maagap na pag-aksyon.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa tanggapan ng LIUCP, Calapan, Silangang Mindoro ang paggamit ng bulldozer para sa pagpapagawa/pagbubukas ng kalsadang panlalawigan mula sa Barangay San Mariano patungo sa Barangay Mabuhay ng Roxas, Silangang Mindoro na magiging isang napakalaking tulong at suporta sa mga mamamayan lalo na ng Mabuhay sa pag-unlad ng kanilang barangay.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kahilingang ito kay G. Eduardo Araran, Jr., Project Manager, LIUCP, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang maagap at maayong pagpapasya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito sina Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia, Punong Lalawigan at Engr. Elmar Dilay, Panlalawigang Inhenyero, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 22 Abril 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. MASON
Municipal Mayor

Received: [illegible]
4/30/96

merz/
04296